
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 15
## Pagsulat ng Kuwento; Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul15: Pagsulat ng Kuwento;Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Ma. Lennie B. Andrada |
| **Editor:** | Gemma B. Obsiana |
| | Jeriel B. Caracol |
| **Tagasuri:** | Catherine D. Diaz |
| | Junry M. Esparar |
| | Celestino S. Dalumpines IV |
| **Tagaguhit:** | Jonard A. Villarde |
| | Swelyn E. Forro |
| **Tagalapat:** | Raymund D. Magbanua |
| **Tagapamahala:** | Ma. Gemma M. Ledesma |
| | Salvador O. Ochavo, Jr. |
| | Elena P. Gonzaga |
| | Jerry A. Oquindo |
| | Segundina F. Dollete |
| | Shirley A. De Juan |
| | Merlie J. Rubio |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 15
## Pagsulat ng Kuwento; Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Kuwento;Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa aralingPagsulat ng Kuwento; Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



*Kumusta na kaibigan? Narito akong muli, ang iyong kaibigan na si Kokoy para samahan ka sa panibagong paglalakbay. Kaibigan, lilinangin natin sa paglalakbay na ito ang iyong kaalaman sa Pagsulat ng Kuwento; Talatang Nagpapaliwanag at Nagsasalaysay.*

*Pagbati sa iyo kaibigan. Handa ka na ba sa panibagong hamon? Magaling! Alam kong handang-handa ka na.*

*Pagkatapos ng ating paglalakbay, ikaw ay inaasahang:*


- *nakasusulat ng kuwento; talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay. (F6PU-Id-2.2; F6PU-If-2.1; F6PU-Ih-2.1)*

# ***Subukin***



*Kaibigan, bago tayo tutungo ay susubukin muna natin ang iyong kaalaman. Sagutan mo nang maayos ang nasa ibaba. Galingan mo!*

**Panuto:** Tingnan mo ang larawan sa ibaba at sumulat ng maikling katha tungkol sa iyong nakikita. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel.



| Aralin 1 | Pagsulat ng Kuwento; TalatangNagpapaliwanag at Nagsasalaysay |
| --- | --- |



*Kumusta ang iyong mga paglalakbay kaibigan? Nasasabik ka na ba sa bagong mundo na ating lalakbayin ngayon? Magaling! Ating lalakbayin ngayon kaibigan ay ang tungkol sa pagsulat ng kuwento; talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay. Handa ka na ba sa bago natin pag-aaralan? Magaling!*

## *Balikan*

*Kaibigan basahin muna natin ang maikling talata sa ibaba at sagutin mo ang sumusunod na mga tanong. Isulat mo ang iyong sagot sa sagutang papel. Galingan mo!*



“Ayon sa kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon, na si Leonor M. Briones, ang pasukan para sa Taong Panuruan 2020-2021 ay magsisimula sa 24 Agosto ng taong kasalukuyan sa halip na Hunyo. Ito ay dahil sa COVID-19 na isang pandemyang tumama sa atin, at sa buong mundo, na napakadelikado sa lahat ng mamamayan”, pahayag ng punong-guro na si Gng. Ramos. “Lubhang mapanganib ang COVID – 19 kaya kailangan ang ibayong pag-iingat. Hangga’t maaari ay bawal lumabas, kaya pinapapanatili na lamang muna sa kanilang mga tahanan ang mga tao.”

“Kaugnay nito, nais naming ipaalam sa inyo na ang pagpapatala ng lahat ng mga mag-aaral ay gaganapin sa buong buwan ng Hunyo. Hindi ninyo kailangang pumunta sa paaralan upang magpalista”, pagpapaliwanag ni Gng. Ramos.

"Ipagbigay alam po ninyo sa amin ang inyong intensiyon, sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono gamit ang mga numerong naibigay na sa inyo ng mga guro, o di kaya'y sa pamamagitan ng on-*line* na pagkontak sa amin", sambit pa niya.

"Ang paaralan ay bukas din po mula Lunes hanggang Biyernes sa mga nais makipagkita sa amin. Magsuot lamang po kayo ng *face mask* at itaguyod ang isang metrong "social distancing", panapos niyang pahayag.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon?
   A. Kalihim Jenalyn A. Ocampo
   B. Kalihim Leonor M. Briones
   C. Kalihim Delia C. Diestro
   D. Kalihim Vicky B. Gonzales
2. Sino ang punong-guro na nagbigay ng paliwanag ukol sa pagbubukas ng klase?
   A. Gng. Binondo
   B. Gng. Ramos
   C. Gng. Andrada
   D. Gng. Ureta
3. Kailan magsisimula ang pasukan sa Taong –Panuruan 2020-2021?
   A. 1 Hunyo 2020
   B. 24 Hulyo 20201
   C. 1 Agosto 2020
   D. 24 Agosto 2020
4. Kailan ang paglilista o pagpapatala ng mga nais mag-aral ngayong taon?
   A. buong buwan ng Mayo
   B. buong buwan ng Hunyo
   C. buong buwan ng Hulyo
   D. buong buwan ng Agost

5. Naantala ang pagbubukas ng klase dahil sa?

    A. Kakulang sa badyet
    B. COVID-19 na pandemya
    C. nagkaroon ng bagyo
    D. hindi lumalabas ang mga tao

6. Upang makipagkita sa mga guro, kinakailangan ng mga magulang na?

    A. Magsuot sila ng *face mask* at magkaroon ng *social distancing*
    B. Magsuot lamang sila ng *face mask*
    C. Itaguyod lamang nila ang 1 metrong *social distancing*.
    D. Maligo muna sila bago pumunta sa paaralan.

7. Anong uri ng talata ang iyong binasa?

    A. nagsasalaysay
    B. nagpapaliwanag
    C. naglalarawan
    D. nangangatuwiran

8. Paano makapag-enrol ang mga bata?

    A. Pupunta ang mga bata sa paaralan.
    B. Pupuntahan ng kanilang magulang ang guro.
    C. Tatawagan ng kanilang magulang ang guro upang magpatala.
    D. Pupuntahan sila ng guro sa kanilang bahay.

9. Kailangang gumamit ng *face mask* ang mga magulang kung sila ay pupunta sa paaralan upang?

    A. hindi sila maalikabukan
    B. hindi sila mahawaan o makahawa ng sakit na *COVID-19*
    C. makita sila agad ng guro
    D. makahinga silang mabuti

10. Sino ang nagbigay ng paliwanag tungkol sa mga dapat gawin sa pagpagpapatala ng mga bata?

    A. Gng. Ramos
    B. Gng. Santos
    C. Gng. Andrada
    D. Gng. Gonzales

***Mga Tala para sa Guro***

*Ito ay panimulang pagtatasa lamang. Maaaring itala ang iskor para mabigyang - tuon ang kahinaan ng mag-aaral.*

# *Tuklasin*

*Kaibigan, nasasabik ka na bang magbasa ng kuwento? Magaling! Ako rin ay nasasabik na. Hali na kaibigan basahin natin ang kuwento na may pamagat na* ***Binago ng Pandemya****.*



## Binago ng Pandemya

Tuwing may pasok, maagang pumupunta sa paaralan si Rosanna. Pagdating niya sa paaralan, siya ay tumutulong sa paglilinis ng kanilang silid-aralan.

“Rosanna! Halika maglaro tayo!” Yaya ni Beth na kaniyang kaklase.” Pasensiya ka na, marami pa akong ginagawa,” sambit ni Rosanna. “Naglilinis pa ako, kayo nalang muna ang maglaro diyan,” dagdag pa niya. Pagkatapos niyang maglinis, siya ay nagbasa ng aklat at nagrepaso ng mga nakaraang aralin nila, habang hinihintay ang pagdating ng kanilang guro. Samantala ang mga kaklase niya ay naglalaro sa labas hanggang naabutan na ang mga ito ng kanilang guro.

Ngunit isang araw, nagbago ang buhay ni Rosanna dahil sa *COVID - 19* na isang pandemya. Ang *Coronavirus Disease 2019* (*COVID-19*) ay *virus* na nagdudulot ng iba’t ibang klaseng sakit, mula sa karaniwang ubo’t sipon hanggang sa mas malulubhang impeksiyon tulad ng *MERS-CoV* at *SARS-CoV.* Ito ay nakahahawang sakit. Isa sa mga sintomas ay ang mahirap na paghinga ng mga tao na nahawaan nito. Ito ay dahil sa *virus* na nakapasok sa iyong katawan. Maaari itong kumalat sa ibang tao na

nakasalamuha mo. Kung kaya't kailangang mapanatili ang *social distancing,* paggamit ng *face mask,* pagpapalakas ng katawan, at laging pag-iwas sa matataong lugar.

Hindi na nagawa ni Rosanna ang mga nakasanayan na niyang gawin sa paaralan. Nananatili na lamang siya sa bahay sapagkat pinagbabawalang lumabas ang mga batang may edad na dalawamput-isa pababa, at ang mga matatanda na animnapung taong gulang pataas.

"Nanay, kailan pa po kaya mawawala ang *COVID-19* ano?,*miss* ko na pong pumasok sa paaralan," sabi ni Rosanna sa ina. "Ipagdasal natin anak na matatapos na ang pandemyang ito. Kawawa lalo na ang ating mga *frontliners* kagaya ng ating kapitbahay na si Doktor Vince Andrada na nagtatrabaho sa isang pribadong ospital. Araw-araw maraming siyang mga pasyenteng nakasasalamuha na dinadala sa pagamutang pinagtatrabahuan niya. Mabuti at palagi niyang sinisigurado ang kaniyang kaligtasan. Gumagamit siya ng *face mask at PPEs* upang maprotektahan

Ang kaniyang sarili pati na rin ang kaniyang pamilya, at maging ang mga pasyente niya. Pag-uwi niya sa bahay, agad siyang naliligo at nagpapalit ng damit bago siya makipaghalubilo sa kaniyang mga minamahal sa buhay. Higit sa lahat, lagi siyang nagdarasal sa Poong Maykapal para sa proteksiyon at kaligtasan nilang lahat," mahabang pagsasalaysay ng ina, sabay punta sa kusina para magluto ng kanilang hapunan habang naiwang nag-iisip si Rosanna.

Bago natin sagutin ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento, alamin mo muna ang kasingkahulugan ng ilang salitang ginamit sa akda. Pansinin ang sumusunod na mga salita na ginamit sa mga pangungusap at ang kahulugan ng mga ito.

- <u>Nagrepaso</u> ng kaniyang mga aralin si Rosanna habang hinihintay ang guro.

  Ang kasingkahulugan ng *nagrepaso* ay nagbalik-aral.

- Isa sa mga <u>sintomas</u> ng COVID-19 ay ang mahirap na paghinga.

  Ang kasingkahulugan ng *sintomas* ay palatandaan.

- Ang COVID-19 ay isang <u>pandemya</u>.

  Ang kasingkahulugan ng *pandemya* ay sakit na laganap sa buong mundo.


- Araw-araw, maraming pasyenteng <u>nakasasalamuha</u> si Dr. Vince Andrada.

  Ang kasingkahulugan ng *nakasasalamuha* ay nakahahalubilo o nakahaharap.

Ngayon ay handa ka na para sagutin ang mga tanong.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Bakit nahinto siya sa pagpasok sa paaralan?
3. Paano makaiiwas sa COVID-19?
4. Ano-ano ang ginagawa ni Dr. Andrada para maproteksiyonan ang kaniyang pamilya?
5. Ano-anong uri ng talata ang ginamit sa kuwento?

## *Suriin*




**Ang kuwento** ay mga produkto ng malikhaing-isip ng tao at naipapahayag sa pamamagitan ng pagsulat, pagdadrama o pagsasapelikula. Maaaring ito ay gawa-gawa lamang tulad ng kuwentong bayan. Maaari rin namang hango sa totoong buhay o pangyayari. Ito ay binubuo na mga talata. Ang kuwentong "Binago ng Pandemya" ay binubuo ng mga talatang nagsasalaysay at talatang nagpapaliwanag.

Halimbawa ng **Talatang Nagsasalaysay** na nakapaloob sa kuwentong binasa.

Tuwing may pasok, maagang pumupunta sa paaralan si Rosanna. Pagdating niya sa paaralan, siya ay tumutulong sa paglilinis ng kanilang silid-aralan.

"Rosanna! Halika maglaro tayo!" Yaya ni Beth na kaniyang kaklase. "Pasensiya ka na, marami pa akong ginagawa," sambit ni Rosanna. "Naglilinis pa ako, kayo nalang muna ang maglaro diyan," dagdag pa niya. Pagkatapos niyang maglinis, siya ay nagbasa ng aklat at nagrepaso ng mga nakaraang aralin nila, habang hinihintay ang pagdating ng kanilang guro. Samantala ang mga kaklase niya ay naglalaro sa labas hanggang naabutan na ang mga ito ng kanilang guro.

***Karagdagang halimbawa***

Hindi na nagawa ni Rosanna ang mga nakasanayan na niyang gawin sa paaralan. Nananatili na lamang siya sa bahay sapagkat pinagbabawalang lumabas ang mga batang may edad na dalawamput-isa pababa, at ang mga matatanda na animnapung taong gulang pataas.

"Nanay, kailan pa po kaya mawawala ang *COVID-19* ano?,*miss* ko na pong pumasok sa paaralan," sabi ni Rosanna sa ina. "Ipagdasal natin anak na matatapos na ang pandemyang ito. Kawawa lalo na ang ating mga *frontliners* kagaya ng ating kapitbahay na si Doktor Vince Andrada na nagtatrabaho sa isang pribadong ospital. Araw-araw maraming siyang mga pasyenteng nakasasalamuha na dinadala sa pagamutang pinagtatrabahuan niya. Mabuti at palagi niyang sinisigurado ang kaniyang kaligtasan. Gumagamit siya ng *face mask at PPEs* upang maprotektahan ang kaniyang sarili pati na rin ang kaniyang pamilya, at maging ang mga pasyente niya. Pag-uwi niya sa bahay, agad siyang naliligo at nagpapalit ng damit bago siya makipaghalubilo sa kaniyang mga minamahal sa buhay. Higit sa lahat, lagi siyang nagdarasal sa Poong Maykapal para sa proteksiyon at kaligtasan nilang lahat," mahabang pagsasalaysay ng ina, sabay punta sa kusina para magluto ng kanilang hapunan habang naiwang nag-iisip si Rosanna.

Ang **Talatang Nagsasalaysay** ay nagpapahayag ng mga pangyayari at may layuning magkuwento.


Narito naman ang halimbawa ng **Talatang Nagpapaliwanag** mula pa rin sa kuwentong binasa.

| |
|---|
| Ngunit isang araw, nagbago ang buhay ni Rosanna dahil sa COVID -19 na isang pandemya. Ang *Coronavirus Disease 2019* (*COVID-19*) ay *virus* na nagdudulot ng iba't ibang klaseng sakit, mula sa karaniwang ubo't sipon hanggang sa mas malulubhang impeksiyon tulad ng *MERS-CoV* at *SARS-CoV*. Ito ay nakahahawang sakit. Isa sa mga sintomas ay ang mahirap na paghinga ng mga tao na nahawaan nito. Ito ay dahil sa *virus* na nakapasok sa iyong katawan. Maaari itong kumalat sa ibang tao na nakasalamuha mo. Kung kaya't kailangang mapanatili ang *social distancing,* paggamit ng *face mask,* pagpapalakas ng katawan, at laging pag-iwas sa matataong lugar. |


Ang **Talatang Nagpapaliwanag** ay naglalahad ng mga ideya o impormasyon tungkol sa isang paksa para madaling maunawaan.

**Sa pagsulat ng kuwento; talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay,** dapat maging malinaw ang misyon o mensahe. Magiging madali ang pagsulat ng anomang sulatin kung susundin ang sumusunod:

1. Magkaroon ng kaalaman sa paksang isusulat.
2. Alamin kung paano ilalahad ang mga ideyang nais mong ilagay sa talata. Tinatawag itong organisasyon.
3. Magkaroon ng maganda at kaakit-akit na simula at wakas.
4. Dapat may kaisahan ang mga ideyang inilahad mula sa simula hanggang sa hulihan nito.





## *Pagyamanin*




**Pagsasanay 1**

**Panuto:** Tingnan mo ang larawan sa ibaba. Sumulat ng isang talatang nagpapaliwanag na binubuo ng limang pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.




**Pagsasanay 2**

**Panuto:** Tingnan mo ang larawan sa ibaba. Sumulat ng isang talatang nagsasalaysay tungkol sa iyong nakikita. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.



**Pagsasanay 3**

**Panuto:** Sumulat ka ng kuwento tungkol sa iyong sarili. Gawing mong gabay ang mga tanong na nasa kahon upang ikaw ay makabuo ng isang magandang kuwento. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

1. Kailan ka ipinanganak?
2. Sino ang mga magulang mo?
3. Sino-sino ang kapatid mo?
4. Nasa anong baitang ka na ngayon?
5. Sino ang guro mo?
6. Ano-ano ang paborito mong pagkain?
7. Ano-ano ang ginagawa mo kung wala kang pasok?
8. Sino-sino ang kaibigan mo?
9. Ano-ano ang ginagawa ninyo ng iyong mga kaibigan?
10. Kung ikaw ang papipiliin, ano ang gusto mong kurso kapag ikaw ay nagkolehiyo? Bakit?



## *Isaisip*



*Matapos nating pag-aralan ang tungkol sa pagsulat ng kuwento; Talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay, Alam kong handang-handa ka na para sagutin ang sumusunod.*

*Kopyahin mo sa iyong sagutang papel ang talahanayan sa ibaba at sagutan ito.Husayan mo!*

| ANO ANG IYONG MGA NATUTUHAN? | GAANO ITO KAHALAGA? |
|---|---|
| | |
| | |

## *Isagawa*






**Panuto:** Sumulat ng kuwento na may talatang nagpapaliwanag at nagsasalaysay batay sa paksang nasa ibaba. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

**Paksa:**

*Social Distancing*

## *Tayahin*



# *Karagdagang Gawain*



*Kumusta kaibigan? Narito ka na sa panghuling bahagi ng ating aralin. Sana ay naging masaya ka sa ating paglalakbay at marami kang natutunan. Para lubos nating matapos ang ating aralin ay sagutan mo muna ang gawain sa ibaba. Galingan mo!*

**Panuto:** Sumulat ka ng isang talatang nagpapaliwanag o nagsasalaysay tungkol sa masamang epekto ng COVID – 19 sa batang tulad mo. Isulat mo ito sa iyong kuwaderno.



Nasagot mo ba nang tama ang mga tanong? Binabati kita dahil natapos mo ang lahat ng pagsubok sa ating paglalakbay.

Batid kong naging masaya ka sa ating mga paglalakbay. Nawa'y ang lahat ng iyong natutuhan ay madala mo sa susunod na baitang. Huwag kalilimutan ang mga aral at kakayahan na idinulot sa iyo ng modyul na ito. Hanggang sa muli sa iyong Baitang 7

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

Posibleng sagot: (10 puntos)

Habang naglalakad si Joeve Rose sa kalsada pauwi, bigla na lamang siyang nakarinig nang malakas na sigawan ng mga tao.

"Tulong! Tulong! Ang mama, nabundol ng sasakyan, "sigaw ng isang lalaking unang nakalapit sa biktima.

Dali-daling lumapit si Joeve Rose at iba pang mga tao sa lugar na pinangyarihan ng aksidente.

"Naku! Napuruhan yata. Halikayo, tulungan natin siyang madala sa ospital." Natatarantang sambit ni Joeve Rose.

Pinagtulungan nilang buhatin ang biktima at ikinarga sa nakaabang na sasakyan at dinala sa pinakamalapit na pagamutan. Ngunit ang nakasagasang sasakyan sa mama ay hindi na nakita.

**BALIKAN**

1. B
2. B
3. D
4. B
5. B
6. A
7. B
8. C
9. B
10. A

**TUKLASIN**

**Posibleng sagot:**

1. Ang pangunahing tauhan sa kuwento ay si Rossana.
2. Nahinto siya sa pagpasok dahil sa pandemya.
3. Makaiiwas sa *COVID-19* sa pamamagitan ng ibayong pag-iingat gaya ng pagpapanatili ang *social distancing,* paggamit ng *face mask,* pagpapalakas ng katawan, at laging pag-iwas sa matataong lugar.
4. Para maproteksiyonan ang sarili, pag-uwi niya sa bahay, agad siyang naliligo at nagpapalit ng damit bago siya makipaghalubilo sa kaniyang mga minamahal sa buhay. Higit sa lahat, lagi siyang nagdarasal sa Poong Maykapal para sa proteksiyon at kaligtasan nilang lahat.
5. Ang mga talatang ginamit sa kuwento ay talatang nagpapaliwanag at talatang nagsasalaysay.

**PAGYAMANIN**

**Posibleng sagot:**

**Pagsasanay 1 – 10 puntos**

Sila ay mga *frontliners.* Sila ay buong-pusong tumutulong sa mga nangangailangan ng kanilang serbisyo. Ibayong pag-iingat naman ang kanilang ginagawa. Lagi silang gumagamit ng *face mask,* nakasuot ng *PPEs,* naghuhugas ng kamay at iniiwasan nilang makipagsiksikan sa matataong lugar.

Sila ang mga taong may malaking serbisyo, lalo na sa mga taong nahawaan ng nakamamatay na sakit na COVID-19. Dahil dito, marami sa kanila ang napahamak at binawian ng buhay. Kung kaya't kailangan din ng mga mamamayan na makipagtulungan upang hindi malagay sa alanganin ang buhay ng mga *frontliners.*

**PAGYAMANIN**

Posibleng sagot

**Pagsasanay 2** (10 puntos)

May isang maliit na bahay na yari sa pawid at kawayan. Ito ay napapalibutan ng maraming pananim.

Sa harapan ng bahay ay may babaeng nagsasampay ng kaniyang mga nilabhang damit. Maaaring siya ang nakatira sa rito.

Matataba ang iba't ibang pananim sa kaniyang bakuran, tulad ng gulay.

Ang munting bahay ay malapit rin sa bundok na may malawak na kapatagan sa paanan nito. Maaari itong taniman ng palay at gulay. Masarap manirahan sa ganitong lugar, dahil kaysarap ng simoy ng hangin at malayo sa polusyon.

**TAYAHIN**

Posibleng sagot (10 PUNTOS)

PAKSA: Di makakalimutang karanasan kasama ang mga kaibigan

Tandang-tanda ko pa noon. Nang kami ay pumunta sa ilog kasama ko ang aking mga kaibigan. Kami ay masayang nagkuwentuhan habang naglalakad papunta roon. Namimitas kami ng mga hinog na bayabas sa daan.

Pagdating naming sa ilog, napakalinaw ng tubig, kaya't sabay na kaming naghubad ng pang itaas na damit at naligo. Sina Chris at Lito ay magaling lumangoy. Ako naman ay takot na pumunta sa malalim na bahagi ng ilog dahil hindi ako marunong lumangoy.

Biglang sumigaw si Paterno. Akala namin kung ano na ang nangyari sa kaniya, mayroon pala siyang natisod sa ilalim ng tubig na buong akala niya ay sawa, ngunit ito pala ay sanga ng kahoy lamang.

Siya ay pinagtawanan naming lahat, at patuloy pa rin kaming naligo hanggang naabutan na kami ng tanghali.

Sa pag-uwi namin, tuloy pa rin ang kuwentuhan at halakhakan. Iyon ang di makakalimutan kong karanasan kasama ng aking mga kaibigan.

Napag-usapan ng magkakaibigan ang tungkol sa softdrink na bagamat masarap inumin, pero hindi pala maganda sa

**ISAGAWA (10 PUNTOS)**

Posibleng sagot:

PAKSA: *SOCIAL DISTANCING (Posibleng sagot)*

Isang araw, napag-usapan ng aming pamilya ang tungkol sa lumalaganap na epedemya, ang *COVID-19*. Ang sabi ng nanay ay makatutulong nang malaki ang pagsunod sa *social distancing* upang maiwasan ang *COVID-19*

"Dapat talagang may social distancing dahil kapag dikit-dikit ang mga tao, madaling magkahawaan," tugon ng tatay.

"Aba! Oo nga. Kaya kahit masarap makipagkuwentuhan, eh, layo-layo lang muna, ha, anak." Dagdag ng lola.

Ang COVID -19 ay nakatatakot na sakit, kaya lahat tayo'y kailangang mag-ingat. Ilan sa mga paraan upang maiwasan nating mahawaan ng sakit na ito ay ang pag-iwas sa mga matataong lugar, pag gamit ng *face mask* at ang pagpapanatili ng hindi bababa sa isang metrong *social distancing sa mga tao.*

*Ang social distancing* ay isang paraan na dapat nating sundin upang tayo ay hindi mapahamak sa sakit na *COVID-19*. Kahit sa pagsakay natin sa pampublikong sasakyan, kailangan natin ang isang metrong *social distancing*. Kaya tayong lahat ay dapat na sumunod sa mga ipinatutupad na kautusan ng ating pamahalaan, dahil ito ay para rin naman sa ating kapakanan.

"Ang galing naman ng pagpapaliwanag mo nanay." Nakangiting sabi ni bunso. "O, sige na. Malapit na tayong kumain. Maghanda na kayo." Pagtatapos ni nanay.

# *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6PU-Id-2.2; F6PU-If- 2.1; F6PU –Ih-2.1, p.222
- K TO 12 Curriculum in Filipino 2016, p.119-120
- LR Portal

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph